REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 96-295**

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD. MGGL. IGNACIO R. BUNYE, NA PUMASOK SA KASUNDUAN SA PAG-UTANG SA ALINMANG PAMPAMAHALAAN O' DOMESTIKONG PRIBADONG BANGKO O' INSTITUSYONG PAMPAUTANGAN UPANG PAGLAANAN ANG PAGBILI NG LUPANG DI-NATITINAG (REAL PROPERTY), AT PROYEKTONG PABAHAY NG PAMAHALAANG LUNGSOD, SA KAPAKINABANGAN NG MGA MARALITANG WALANG SARILING LUPANG TIRAHAN NA NANANAHAN SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA SA HALAGANG P50,000,000.00**

*********************************************************************************

**Ipinanukala nina:** **KGG. DANTE S. ALMARIO**
**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**Kasamang nagpanukala:** **KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
**KGG. ROMAN E. NIEFES**
**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
**KGG. MELCHOR R. TEVES**
**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
**KGG. REY E. BULAY**
**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
**KGG. VICENTE Y. CHUA**

*********************************************************************************

**SAPAGKAT**, ang Pamahalaang Lokal ay may kapangyarihan na makautang ayon sa itinatadhana ng Batas Republika Bilang 7160 (Sec. 295, The Local Government Code of 1991);

**SAPAGKAT,** ayon sa kapangyarihan na ipinagkaloob ng Batas sa Pamahalaang Lokal, ang inutang ay maaaring ilaan upang ibili ng lupang di-natitinag (Real Property) o gastusin sa proyektong pabahay (Sec. 296 (a));

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay nangangailangan ng mga parsela ng lupa na gagamitin sa proyektong pabahay ng mga maralitang walang sariling lupang tirahan na mga nananahan sa Lungsod;

**SAPAGKAT,** ang pangangailangan ay dumating sa sukdulan upang bigyang prayoridad ang mga maralitang nananahan sa magkabilang panig ng Daang Bakal sa nasasakupan ng Muntinlupa na matatamaan ng proyekto ng Pamahalaang Nasyonal na pagsasa-ayos at rehabilitasyon ng Daang Bakal ng Philippine National Railways;

**SAPAGKAT,** ang relokasyon ng may dalawang daang (200) pamilya na direktang maaapektuhan ng nasabing programa ay walang kaseguruhan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** upang mabigyan ng kahulugan ang ispiritu ng batas na pagkalooban ng makakayanang disenteng tahanan bilang pangunahing serbisyo sa mga mamamayang dukha na walang sariling lupa't tahanan, ang Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ay pinagkaisahan na pagkalooban ang Punonglungsod, Mggl. Ignacio R. Bunye ng kapangyarihan na isakatuparan ang pagbili ng parsela ng lupa na gagamitin sa proyektong pabahay ng mga maralitang walang sariling lupang tirahan na nananahan sa Lungsod ng Muntinlupa sa pamamagitan ng pag-utang sa alinmang Pampamahalaan o' Domestikong Pribadong Bangko o' Institusyong Pampautangan sa halagang P50,000,000.00

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong ika - 24 ng Hunyo, 1996 sa ginanap na ika - 44 Regular na Sesyon.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 •842-6196 •842-4926

**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**



**SINANG-AYUNAN:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

(Opisyal na Liban)
**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng Punong-Barangay

**BAKANTE**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pedesrasyon ng Sangguniang Kabataan

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

Pinagtibay:

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod